

1

Front page sa lahat ng mga broadsheets at tabloids ang nangyari sa isang sikat na business tycoon.

Si Carlos Roblegado, isa sa mga respetadong negosyante ng bansa at ang batang-batang may-ari at Chief Executive Officer ng *Roblegado Group of Companies* ay naaksidente nang nakaraang araw at ngayon ay nasa malubhang kalagayan.

Ayon sa mga balita, umakyat ito kasama ang foreman sa ipinare-renovate nilang twenty-storey building upang mag-inspeksyon nang mangyari ang di-inaasahan. Sa pagtatangka nitong iligtas ang isang construction worker na muntik nang madulas ay nahulog ang lalaki kasama ang inililigtas sana nito.

Nahulog ang binatang negosyante mula sa ikalimang palapag ng building, hindi pa alam kung makakaligtas ito sa nangyari, habang ang tauhan nito ay dead on arrival na nang dalhin sa hospital.

“Tsk, tsk, tsk!” Nailing si Lauren habang binabasa ang balita. Katatapos lang niyang mag-home service sa isa sa mga outpatients niya at ngayon nga ay ipinapahinga niya ang sarili habang nagbabasa ng

diyaryo.

“Pogi ka pa naman, mayaman, binata... sayang ka, Friend,” komentaryo niya na patuloy sa pagbabasa.

Minsan na niyang nakita ang lalaki nang tumayo ito bilang best man sa kasal ng pinsan niyang si Jenny. Kung hindi nga lang may trabaho siya nang araw na iyon ay siya sana ang nakapareha ng binata dahil siya ang gustong gawing maid of honor ng pinsan.

At iyon ang lubos na ipinagpapasalamat ng dalaga. Although hindi niya maikakaila na sa unang pagkikita pa lang ay attracted na siya sa makisig, guwapo at ubod ng yamang binata ay hindi niya nagustuhan ang ugali nito.

Inismiran kasi siya ng lalaki nang ipakilala ito sa kanya ng pinsan, hayagang ipinakita nito ang pagkadisgusto sa suot niyang bloody red minidress. Kung hindi ni-request ng pinsan ay hindi sana siya papayag na makipagsayaw sa lalaki. Para kasi itong nandidiri na halos ayaw nitong hawakan ang baywang niya, gayung sweet ang tugtog nang magsayaw sila.

Kaya nga pagkatapos na pagkatapos ng music ay kaagad na siyang nagpaalam sa mga bagong kasal. Hindi niya masikmurang magtagal pa sa pagtitipon gayung alam niya na may isang taong tutol sa

kanyang presence.

“Sayang ka talaga,” patuloy na pagkausap ni Lauren sa duguang larawan ng binata sa diyaryo. ”Sana mabuhay ka, kahit na medyo pangit ang ugali mo.”

“No,” matigas na pagtangga ni Lauren. “Of all the ideas you’ve had in the past twenty-five years, d’yan ako hindi agree.” Pinandilatan niya si Jenny.

Magkasabay silang lumaki ng pinsan, maaga kasi itong naulila kaya ang mga magulang na niya ang kumupkop dito. Palibhasa’y nag-iisa lang siyang anak kaya parang sa isang tunay na magkapatid ang closeness nilang dalawa: magkasalo sa lahat ng bagay, magkakutsaba sa mga escapades at kadalasang nagiging confidante ng bawat isa.

Gayunpaman ay magkaibang-magkaiba ang ugali nila. Mahiyain si Jenny, extrovert naman si Lauren. Jenny was a loner while Lauren loved crowds. Conservative ang una at siya ay moderno at liberated. Pero ang pagkakaibang iyon ay hindi naging hadlang para maging best friends sila.

Nakapamaywang na hinarap niya ang pinsan na abala sa pakikipaglaro sa anak.

Gaya ng nakagawiang isuot ay naka-skin tight jeans na naman ang dalaga na tinernuhan ng tight fitting din na t-shirt na kapag nagtaas siya ng kamay ay nagpapakita ng makinis at alaga sa exercise niyang abs. Ang boots niya ay four inches ang heels, at sa magkabilang tainga ay nakasabit ang samu't saring plastic na prutas na parang fruit salad.

Kanina bago niya dalawin ang bagong panganak na si Jenny ay maganda ang kanyang mood. Balak pa nga niyang mag-disco pagkatapos nilang magbalitaan kaya suot na niya ang kanyang 'paint the town red' get-up.

“Hindi mo pa nga naririnig ang request ko, nakatanggi ka na agad d’yan,” angal ni Jenny sa pinsan.

“You know, Jen, hindi mo na kailangang i-explain. I’ve heard all I wanted to hear. Carlos Roblegado. No way. Change topic na lang tayo.”

Nangungusap ang mga mata na tinitigan siya nito. Bahagya pa nitong pinangilid ang luha para lalo siyang makonsyensya.

Bumuntung-hininga muna siya nang malalim bago sumalampak ng upo sa kama. Tila yamot na sinabunutan niya ang maikling buhok at exasperated

na hinarap ito.

“Sige na nga, makikinig na ‘ko. But it doesn’t mean that I would agree with whatever ideas you have in your head.”

“He’s not doing well, Lauren.”

“Eh, kasi sa spine ang injury niya,” sarkastikong tugon niya. “Halos lahat ng pasyente na katulad niya ang kaso ay hindi agad gumagaling. At marami sa kanila ang hindi kasing-yaman ng Carlos Roblegado na ‘yan. Hindi nila kayang umupa ng pinakamagaling na mga doctors, nurses at physical therapists para alagaan sila, unlike your husband’s cousin na kayang upahan kahit na sino. Marami naman siyang physical therapists na mapagpipilian, hindi na niya ako kailangan.”

“Hindi ba ikaw ang nagiging snob niyan?” tanong nito.

“Wala naman sa akin kung gaano man ang kaya niyang gastahin para lang gumaling siya, eh.”

“So, bakit ayaw mong pumayag na maging physical therapist niya?”

“Dahil ayaw ko sa kanya,” prangkang sagot ni Lauren. “Siya na ang pinakamayabang, egotistical at

mapanglait na taong nakilala ko sa buong buhay ko.”

“Di ba dapat sa mga physical therapists na tulad mo, eh, hindi namimili ng pasyente?” paalala ni Jenny.

“Hindi na uso ‘yan, ‘Insan. Ang mga taong tulad ni Carlos ang pinakamahirap alagaan once na naaksidente. Sila ang mga tipo ng pasyente na pinagtuturuan namin kung kanino mapupunta,” paliwanag niya.

“Bakit naman?”

“Dahil hirap silang tanggapin ang nangyari sa kanila. They’ve been accustomed to independence and power kaya nagiging bitter sila pag limitado na lang ang mga kaya nilang gawin.”

“Eh, di it will be another feather in your cap kung magagawa mo siyang pagalingin, di ba?” pangungumbinsi pa nito.

“Yon, eh, kung buhay pa ako. Jenny naman, alam mong hindi ko kasundo ang lalaking iyon, bakit of all things ay ito pa ang gusto mong ipagawa sa akin? Hindi ka ba natatakot na mahawaan niya ako ng sama ng ugali?”

“Please, Lauren, tulungan mo ang apo ko.” Sa

pinto ng kuwarto nanggaling ang tinig.

Gulat na napalingon siya at inalam kung sino ang nagsalita. Ang nakita niya ay ang problemadong mukha ni Doña Lydia Roblegado, ang matriarch ng pamilya Roblegado at lola ni Rob na asawa ni Jenny at ng pinsan nitong si Carlos.

“Lola Lydia...” Balak sana niyang tumutol sa hiling ng matanda, pero itinaas nito ang isa nitong kamay at nagpatuloy sa pagsasalita.

“Alam kong hindi kayo magkasundo ng apo ko, but right now, he needs all the help he can get. Tama ang sinabi ni Jenny, he’s not responding to all the treatments being given to him. Parang ayaw na niyang gumaling.” Bahagya pang nangilid ang luha nito habang nagsasalita. “Halos mamatay ako nang mamatay ang papa ni Carlos, baka hindi ko na kayanin kung pati siya’y kukunin pa sa ‘kin ng Diyos.”

“Pero, Lola—”

“Sabihin mo kung magkano ang gusto mo, Hija.”

“Hindi naman po ako concerned sa suweldo,” depensa ni Lauren sa sarili.

“Alam ko ‘yon, Hija. Alam ko kung gaano ka ka-dedicated sa propesyon mo kaya nga ikaw ang

napagkasunduan naming lapitan para tumulong kay Carlos.”

“Sige na, Lauren, tanggapin mo na ang inaalok ni Lola,” susog ni Jenny.

“Baka po kasi lalo lang lumala ang kalagayan niya kapag nalaman niyang ako na ang physical therapist niya,” nag-iisip pa rin ng way out ang dalaga. “Alam kong hindi naman kaila sa inyo na bad trip sa akin ang apo n’yo.”

“Sige, ganito na lang. Subukan mo muna ang trabaho, let’s say, three months,” suhestyon ng matanda. “Kapag sinabi ng mga doctors na walang buti na idinulot ang pag-aalaga mo sa apo ko’y hahanap ulit kami ng bagong therapist.”

Ilang sandali rin na namayani ang katahimikan. Hindi makaya ng konsyensya niyang biguin ang mga ito.

“Three months lang?” naniniyak na tanong niya.

“Oo, Hija. Pangako.”

Mariin siyang napapikit at mahigpit na sinabunutan ulit ang buhok. Parang natalo sa laban na tumango na lang siya sa dalawang kaharap.

2

Ang resthouse ng pamilya Roblegado sa Tagaytay ay pinaghalong modern at traditional. Mostly ay kahoy at bato ang ginamit sa pagtatayo nito, floor to ceiling ang mga glass windows na lalong nakakapagpapresko ng kapaligiran. Ang mga muebles sa loob ng ten-bedroom na mansyon ay pulos antigo lahat, pero sa family room na paboritong kuwarto ni Carlos ay matatagpuan ang state-of-the-art home entertainment system na madalas pag-ubusan ng oras ng binata.

Kung hindi siya nanonood ng collection niya ng movies sa DVD player ay ginugugol niya ang maghapon sa pagtanaw sa labas ng bahay. Nakatayo kasi ito sa isang burol kaya kitang-kita niya ang magandang scenario sa labas. Hindi siya nagsasawang tanawin ang mga nagtatayugang puno at mga flowering plants na buong taon kung mamulaklak. Pati na rin ang malawak na kuwadra kung saan laging ini-exercise ng mga tauhan nila sa rancho ang mga alaga niyang kabayo.

Makikita rin niya kaagad sa circular driveway na nagsisimula sa ibaba ng burol kung may sasakyang paparating, especially kung may hinihintay siyang

bisita gaya ngayon.

Almost a week na kasi siyang hindi dinadalaw ng kanyang Lola Lydia, nag-resign na rin ang pinakahuli niyang physical therapist, at more than four months na siyang walang komunikasyon sa mga kaibigan niya kaya bagot na bagot na siya.

Idagdag pa rito ang nakakaawang kalagayan niya sa ngayon. Gusto niyang maglakad at pasyalan ang mga paborito niyang lugar dito sa Tagaytay, mangabayo at mag-explore sa lupain niya, pero paano niya magagawa iyon gayong ni hindi niya kayang tumayo nang mag-isa.

Kaya nga walang sinuman ang may karapatan na sabihan siyang nagpapatalo siya sa awa sa sarili. Dahil hindi nila alam kung gaanong hirap ang tinitiiis niya habang nakakulong sa wheelchair. Noong una nga ay ayaw niyang gumamit ng wheelchair, pero naaawa naman siya sa katiwala nilang si Mang Johnny, kailangan pa kasi siyang buhatin ng matanda para makapagbanyo man lang.

Inis na isinuklay ni Carlos ang mga daliri sa magulo at hanggang balik na buhok. Dati-rati ay hindi maaaring hindi sunod sa uso ang hairstyle niya, pero wala na siyang pakialam ngayon. Wala rin namang makakapansin sa kanya kung bagong

gupit man siya o hindi, or kung nakapag-ahit ba siya o hindi.

Bahagya siyang napangiwi nang makarinig ng ingay ng papalapit na sasakyan, sanhi upang muli siyang makaramdam ng kirot sa likod. Ang mga biglang kilos kasi ay nagbibigay sa kanya ng labis na sakit. Pero wala siyang magawa kundi ang magtiis.

Nagtaas siya ng ulo at inabangan kung kaninong sasakyan ang kasalukuyang tumatakbo palapit sa bahay niya.

Nang makitang ang *Pajero* ni Doña Lydia ang paparating ay nabahiran ng ngiti ang mga labi ng binata. Sa wakas, may dadalaw na rin sa kanya. Excited na tumalikod siya sa bintana at humarap sa pinto upang kaagad masalubong ang lola niya.

Pero may limang minuto na siyang naghihintay ay wala pa ring pumupunta sa kinaroroonan niya, bagaman naririnig niyang may kausap si Mang Johnny sa labas. Narinig pa niya ang mga yabag ng katiwala habang papaakyat ito ng hagdanan. At base sa pandinig niya ay may dala itong mabigat na bagay. Malakas kasi ang pagtama ng kung anumang dala-dala nito sa kahoy na mga baitang ng hagdanan.

Kunot ang noo na hinintay niya ang pagpasok

ni Doña Lydia. Bahagya pa siyang napatuwid ng upo kaya lalong sumakit ang likod niya nang makarinig ng sunod-sunod na katok.

Pero hindi ang lola niya ang bumungad nang bumukas ang pinto. Ang humarap sa kanya ay isang babae na halos kita na ang anit sa sobrang ikli ng buhok, naka-skin tight leather pants at black halter top na halos magpaluwa ng dibdib nito sa sobrang lalim ng ukab. Ang mukha nito ay nababahiran ng makapal na makeup kahit mataas pa ang sikat ng araw.

May pagkadisgusto sa mga mata na pinagmasdan ni Carlos ang bagong dating na nag-pose pang parang modelo nang mapansin na pinag-aaralan niya ang ayos nito.

“Hindi ka ba hinabol ng mga bubuyog sa laki ng mga bulaklak sa tenga mo?” Ang tinutukoy niya ay ang hikaw na suot ng dalaga.

“Actually, iyon talaga ang purpose ko kaya isinuot ko ang hikaw na ito. Alam mo na, the birds and the bees, pati na rin butterflies.” Nakakaloko pang nginitian ni Lauren ang lalaki bago tuluyang pumasok at lumapit dito. “Hi, Carlos. Remember me?”

“Ano’ng ginagawa mo dito?” Hindi niya maitago

ang pagkainis sa bagong dating.

“Ano pa, eh, di dinadalaw ka. I always go out of my way to visit sick friends,” paliwanag nito.

“Kailan pa tayo naging magkaibigan?” Lalo siyang nainis sa nakikitang expression sa mukha ng dalaga. Para kasi itong nang-uuto ng bata kung makipag-usap sa kanya.

“Whew!” kunwa’y nagpunas ng pawis sa noo na sabi nito. “Mainit yata ang ulo mo, Friend, natatalo ang lamig ng climate dito sa Tagaytay.”

“If you were in my shoes, hindi ka rin kaya totopakin? Ilang buwan na ‘kong nagtitiis na pag-eksperimentuhan ng mga bobong doctors, pahirapan ng mga buwisit na physical therapists at pakainin ng kung anu-anong pagkain ng may-sakit. Hindi ako makakilos nang maayos dahil konting galaw lang ay sumasakit ang buong katawan ko, and to top it all, dumating ka pa,” mahabang litanya ng binata. “Which brings me to my original question, ano’ng ginagawa mo dito?”

Nagpipigil matawa na umiling-iling si Lauren. “Kawawa ka naman, Mr. Roblegado. Masyado ka nilang inaapi,” kunwa’y pakikisimpatya niya.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko, bakit ka

nandito?”

“Well...” Hindi niya malaman kung paano ipapaalam sa lalaki na siya na ang bagong physical therapist nito. “Napadaan lang ako, gusto ko lang sanang magbakasyon dito.”

“Cut the bullshit, Lauren Dizon,” exasperated na saway ni Carlos. “Huwag mong sabihin na *ikaw* ang ipinadala ni Dr. Morte para maging therapist ko?”

“Right on the first try, Honey.” Pina-husky pa niya ang boses at tila nang-aakit ng lalaki na tinitigan nang malagkit ang kausap.

“Hindi. Ayoko,” mariing tanggi nito. “Tumawag ka sa ospital at sabihin mong magpadala ng ibang physical therapist. Anybody but you.”

Nasaktan man sa narinig ay hindi niya ipinahalata iyon. Nagkibit-balikat lang siya at tinalikuran na ito. “I want to take a shower, masyadong nakakapagod ang biyahe. I’ll see you later.”

Napasunod ito sa papalabas na dalaga. “Lauren, hindi pa tayo tapos, bumalik ka rito!” sigaw nito sa kanya na noon ay parang walang naririnig na umaakyat na ng hagdanan. “Damn you! Sinabing ayoko sa ‘yo, hindi ka ba marunong umintindi ng Tagalog?” muling sigaw nito.

“Save your strength, Carlos,” payo niya habang patuloy sa pag-akyat. “Kakailanganin mo ang lahat ng lakas mo once na nag-umpisa ang session natin.”

Kumaway pa siya sa lalaking naiwan sa ibaba ng hagdanan bago pumasok sa kuwartong inilaan ni Mang Johnny para sa kanya.

Inabutan niya ang matandang katiwala na nag-aahon ng mga gamit niya mula sa maleta.

“Mang Johnny, ako na lang ho ang bahala d’yan,” saway niya.

“Trabaho ko ito, Miss Lauren.”

“Huwag na lang ho ako ang asikasuhin ninyo, I can take care of myself,” paliwanag niya. “Si Carlos na lang ho ang alalahanin ninyo. Magpapahinga lang ho ako at pagkatapos ay mag-uumpisa na kami. Kumain na ho ba siya?”

Malungkot na umiling ito. “Lagi siyang walang gana. Kahit ano ang lutuin ko’y ayaw kainin.”

“Gan’on po ba?” May kakaibang kislap sa mga mata na nginitian niya ang matanda. “Give me thirty minutes, ako’ng magluluto ng pagkain niya.”

“Steak ang ipinaluluto niya, ‘yung medium rare daw. Pinapahirapan lang ako ng lalaking ‘yon, ‘tapos

hindi rin naman kinakain ang niluluto ko.”

“Huwag ho kayong mag-alala, simula ngayon, ako na muna ang bahala sa pagkain niya. At sinisiguro ko sa inyo na kakain siya nang maayos.”

Although deep inside ay hindi pa niya alam kung paano tutuparin ang pangakong iyon.

Nasa family room pa rin si Carlos nang hanapin ni Lauren around seven ng gabi. Patay ang lahat ng ilaw sa silid, tanging ang liwanag na nagmumula sa nakabukas na TV at ang malamalam na liwanag ng buwan sa labas ang tumatanglaw sa binata.

Nanonood ito ng replay ng kung anumang race, at bagaman nakatalikod sa kanya ay nahuhulaan na niya kung ano ang expression ng mukha nito ngayon.

Si Carlos na yata ang isa sa pinaka-athletic na taong nakilala niya. Ayon sa pinsan, mahilig daw itong mag-horseback riding, mag scuba-diving, jet ski, mountain climbing at race car driving, among others—mga sports na nangangailangan ng malakas na pangangatawan at malayang pagkilos.

Nakasisiguro na siyang habang nanonood ng TV ang binata ay binabalikan na naman nito sa alaala ang

nakaraan, noong mga panahong ito pa ang nakaupo sa driver seat ng kotse at nakikipagkarera sa mga kalaban.

“Self-pity won’t do you any good,” matigas na pahayag niya, sabay bukas ng ilaw sa kuwarto. Madilim ang mukha na pinatay ni Carlos ang TV at hinarap ang istorbo. Siya naman ay tila bale-walang itinulak ang dalang trolley ng pagkain at inilapit iyon sa kinaroroonan nito.

“Still here?” inis na tanong nito. “I thought I told you to get lost.”

Tinapunan niya ito ng nakakalokong ngiti bago ipinatong ang tray sa kandungan nito. “I haven’t got what I want yet, Dahling,” nanunuksong sabi niya. “So hindi pa ako puwedeng umalis.”

“Hah!” As expected ay kumagat ito sa pang-iinis niya. “You wouldn’t find it here. Mas mabuting umalis ka na lang para matahimik na ulit ang buhay ko.”

“Oh, but I already found it. You see, it’s *you* I want, Carlos, Dahling.” Sinabayan pa niya ng pagkindat ang pagsasalita.

“That would be the day! You’re the last woman I’d—”

“Careful,” putol niya. Inilagay niya ang plato ng pagkain sa tray, sabay abot ng spoon and fork dito. “Baka kainin mo ang sinabi mo. Pero for the meantime, ‘yan na lang muna ang kainin mo.”

Ang “yan’ na sinasabi niya ay isang cup ng rice, isang slice ng breaded porkchop na wala ni katiting na taba, which she knew ay paborito ng binata, at stir fried cabbage and cauliflower na hinaluan ng carrots at green peas na alam niyang hindi kinakain ni Carlos, ayon na rin kay Mang Johnny.

“Wala akong natatandaan na nagpaluto ako ng ganitong pagkain.” Hindi mabasa ang ekspresyon sa mukha nito. “I specifically asked Manong Johnny to prepare some steak. Kailan pa naging steak ang kawawang baboy na ‘to?”

“And I specifically asked Mang Johnny to leave the cooking to me,” matapang na sagot ng dalaga. “Hindi mo rin naman kakainin ang steak, so bakit aabalahan mo pa ‘yung tao?”

“I don’t want this.” Bahagya nitong iniurong ang tray sa kandungan nito.

“But you *will* eat that,” kontra niya.

“Look—”

“You want me to get lost, di ba? Mawawala lang ako sa paningin mo kung uubusin mo ‘yan, as in simut-sarap talaga.”

Humigpit ang pagkakahawak ni Carlos sa kubyertos, tumiim ang mga bagang at lalo pang dumilim ang mukha sa parang batang pagtrato sa kanya ng dalaga.

“C’mon, spare me the dramatics. ‘Wag ka nang mag-emote d’yan. The sooner you finish your food, the sooner na iiwanan na kita ulit. I’m sure that’s a good incentive. At huwag mong tangkaing ibato sa akin ‘yang kutsara, I assure you, ikaw mismo ang pupulot niyan sa lapag.”

“Get out.” Halos hindi bumuka ang bibig nito nang magsalita.

“Alam mo, pinapahaba mo lang ang eksena, eh. Naiisip ko tuloy na baka hindi totoong gusto mo ‘kong umalis dahil ayaw mo pang sundin ang gusto ko,” patuloy na pang-iinis niya.

“I told you to get out!” Hindi na napigilan ni Carlos ang pagtaas ng boses.

“And I told you I will once na natapos ka nang kumain!” Mataas na rin ang boses ni Lauren. “Look, hindi ko rin gusto ang sitwasyong ito, but I had

no choice. Ngayon, kung ibubuhos mo lang ‘yang energy mo to getting better instead of getting angry, matatapos na agad ang paghihirap natin.”

“Anong wala kang choice? Hindi ko naman sinabing puntahan mo ‘ko dito at alagaan! In fact, ni minsan ay hindi ko inisip na kailangan pang magkrus ang mga landas natin!”

“I assure you, the feeling is mutual.” Tinakpan niya ng pagtataray ang bahagyang kirot na nadama. “Kung hindi lang ako naaawa sa lola mo, hindi kita pagtitiyagaang alagaan kahit na mawalan pa ‘ko ng trabaho. Now, tama na ang pang-iinsulto, kumain ka na.”

“Si Lola Lydia ang nagpapunta sa ‘yo dito?”

“Yes. Hindi na malaman ng lola mo kung paano ka pa matutulungan, at ako na lang ang last resort niya. Kung alam lang niya na ikaw mismo ang ayaw tumulong sa sarili mo...”

“I’ll talk to Lola tomorrow. Ayokong ikaw ang maging physical therapist ko.”

“Tomorrow will come sooner kung tatapusin na natin ang gabing ito. And mangyayari lang ‘yon kung kakain ka na, para makakain na rin ako.” Ibinalik ni Lauren ang usapan sa original topic.

Walang nagawa ang pobreng binata kundi ang muling hawakan ang spoon and fork at magsimula nang kumain habang nakahalukipkip na parang tigreng nakabantay sa kanya si Lauren.

At first ay kaunti lang ang kanyang isinubo, pero nang malasahan na masarap pala ang pagkakagisa sa gulay at tamang-tama ang lambot ng porkchop ay ginanahan na siya sa pagkain. Naubos niya ang laman ng plato in less than five minutes, pati na ang isang hiwa ng sariwang pinya na ibinigay ng babae sa kanya for dessert.

Walang kibo na inabutan ni Lauren ng tubig ang lalaki matapos kumain, although deep inside ay bahagya siyang natuwa nang makitang nagustuhan nito ang luto niya. Kinuha niya ang tray at ibinalik sa trolley, pagkatapos ay ibinigay ang remote control ng TV sa binata.

“I’d suggest na iba na lang ang panoorin mo, hindi makakatulong sa ‘yo kung patuloy ka lang na maiinggit sa ibang kaya pa ring mag-drive ng kotse habang ikaw ay nakatali pa rin sa wheelchair.”

“Wala kang pakialam kung ano ang gusto kong panoorin,” kontra nito kahit na alam na may katuwiran siya. “Sinunod ko na ang gusto mo, ngayon ako naman ang sundin mo. Get out of here and leave

me alone.”

Malalim na ang gabi pero hindi pa rin dalawin ng antok si Lauren. Sa halip na ipahinga ang katawang pagod sa biyahe ay nakatayo pa rin siya sa balcony ng kuwarto niya at pinagmamasdan ang kadiliman ng gabi.

Nag-iisip kasi siya ng mabisang paraan para matagalan ang tatlong buwang kontrata nila ni Doña Lydia. Wala pa kasing isang araw ang lumilipas, pero pakiramdam niya ay naubos nang lahat ni Carlos ang kanyang energy.

But what was bothering her most ay ang matinding attraction na nadarama pa rin niya para sa binata in spite of everything. Nakatali nga ito sa wheelchair, lalo ngang sumama ang ugali, pero walang ipinagbago ang hitsura nito physically speaking kahit na medyo nahulog ang katawan.

Malapad pa rin ang matipunong dibdib na tila ba kay sarap sandalan, very powerful ang mga braso na parang napakasarap yumakap, nanunuot pa rin ang mga titig ng mga mata nitong laging nangungusap kahit na nga pagkadisgusto ang lagi nitong ipinapakita sa kanya, at ang parang nililok na mga labi ay tila ba

napakalambot at masarap halikan at humalik.

Wala sa loob na niyakap ni Lauren ang sarili sa isiping iyon. Attracted siya sa pisikal na anyo ng binata, but she was afraid na she was already half in love sa personality nito. Si Carlos kasi ang tipo ng lalaki na noon pa niya pinagdesisyunang mahalina—powerful, dominant, hindi umuurong sa laban. Ito pa lang ang nag-iisang lalaki na nakakayang makipag-sparring sa kanya verbally nang hindi nauubusan ng isasagot. At si Carlos din ang unang lalaki bukod sa pinsan nitong si Rob na asawa ni Jenny na hindi na-attract sa angkin niyang kagandahan.

“Bakit nga ba?” tanong niya sa sarili.

Simula nang magdalaga siya ay nasanay na siyang lagi nang siya ang center ng attention ng kalalakihan. Halos lahat ng mga nakilala niya ay nanligaw, kung di man nagpalipad-hangin sa kanya. Iyon nga ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, at the age of twenty-five ay hindi pa siya nakakaranas magka-boyfriend. Dahil sa dami ng kanyang mga manliligaw ay hindi niya makilala kung sino ang may tunay na intensyon at malinis na hangarin.

Eventually ay na-realize din ng kanyang mga male friends na off-limits siya, na ‘Look, but don’t touch’ ang policy niya sa buhay. Pero hindi pa rin

nawawala ang lihim na pagmamalaki sa sariling nadarama niya everytime na may nakikilala siyang naakit sa kanyang kagandahan.

Kaya nga super insulted ang nadama niya nang una silang magkita ni Carlos sa kasal ni Jenny. Dahil sa halip na maakit sa sexy figure niyang lalo pang lumutang sa suot niyang bloody red minidress ay nandiri pa ito.

Kung alam lang ni Carlos na kabaligtaran ng pandidiri ang nadarama niya para sa binata, sana ay....

Naputol ang pagmumuni-muni ni Lauren nang makarinig ng malakas na sigaw mula sa kabilang kuwarto. Patakbo siyang lumabas at pumasok sa kabilang silid.

Inabutan niya ang lalaki na mariing nakapikit, naliligo ng malamig na pawis at nakangiwi ang mukha na tila ba napakatindi ng sakit na nararamdaman.

Nakakuyom ang mga kamay nito; tensed na tensed ang buong katawan at lalong naging prominente ang mga ugat sa leeg at braso.

“Carlos...” Nag-aalalang nilapitan niya ang binata at dinama ang noo nito. Bahagya pa niya itong tinampal sa pisngi nang nanatili itong nakapikit

kahit alam niyang gising naman ito. “Carlos, what’s wrong?”

“My back.” Halos hindi ito makapagsalita. “Ang sakit. Napakasakit. I can’t stand the pain.”

“Did you take your medicine?” tanong niya.

Hindi ito kumibo, sa halip ay lalong dumiin ang pagkakapikit nito.

Umiiling na tumayo si Lauren, nilagyan ng tubig ang baso na nakapatong sa nightstand at kumuha ng painkiller saka sapilitang isinubo iyon sa lalaki. Bahagya niyang iniangat ang ulo nito upang makalagok ito ng kaunting tubig.

“You should take them as prescribed, hindi makakatulong sa ‘yo kung titiisin mo lang lagi ang sakit,” pagpapaalala niya.

Iniwang niya ito sandali at nagbalik sa sarili niyang silid upang kumuha ng langis. After a few minutes ay humahangos na siyang bumalik at tinulungang dumapa si Carlos.

Sandali siyang natigilan nang matuklasang wala ni anumang saplot ang binata underneath the sheets, pero pilit pa rin niyang pinairal ang propesyonalismo. Gayunpaman ay ilang segundo rin niyang pinagsawa

ang mga mata sa maskuladong likod nito na lalo pang na-define ang mga muscles dahil sa tensyon bago naglagay ng langis sa kamay at pinainit iyon.

“Relax,” utos niya nang tinangka nitong umalma nang dumapo ang mainit niyang palad sa likod nito.

Gustuhin mang tumutol ni Carlos ay hindi niya magawa, hindi pa rin kasi naiibsan ang sakit, and he had come to the point na kahit anong tulong ay tatanggapin niya, mabawasan lang ito.

Hindi niya mapigilang umungol nang maingat pero mariing nagsimulang gumalaw ang mga kamay ni Lauren sa likod niya. Lalo na nang matuklasan nito ang mga knotted muscles niya at isa-isang binasag ang mga lamig na namuo roon.

Lihim namang nangingiti ang dalaga habang sige sa pagmamasaha sa pasyente. *At last, nahulog ka rin sa aking mga kamay,* sabi niya sa sarili.

Sumampa pa siya sa ibabaw ng king-sized bed at pumuwesto sa likuran ni Carlos upang mas mapagbuti pa ang pag-massage dito. Nang matiyak na na-loosen nang lahat ng knotted muscles ng lalaki ay ang mga binti at hita naman nito ang inaasikaso niya.

Itinaas lang niya ang kumot hanggang sa may puwitan nito upang hindi naman totally ma-expose

Fighting With Destiny - Angela Alfonso

ang kahubaran nito at nagpatuloy na siya sa ginagawa.

Masakit na ang buong katawan niya, particularly ang kanyang mga kamay nang huminto. At least ay nagbunga ang kanyang paghihirap dahil kalmado nang natutulog ang binata, tanda na naginhawahan na ito nang husto.

Muli niyang ibinalik ang kumot hanggang sa dibdib ni Carlos, pinalamlam ang liwanag ng lampshade at hininaan ang air-con bago bantulot na iniwan ang natutulog na lalaki.

3

“Good morning!” Puno ng sigla ang boses ni Lauren nang pumasok sa kuwarto ni Carlos kinabukasan. Hinawi niya ang mga kurtina upang pumasok ang liwanag, pagkatapos ay nakangising tinapik sa balikat ang natutulog na binata.

“Rise and shine, Carlos, tanghali na!” malakas na sabi niya malapit sa tainga nito.

Sa halip na bumangon ay lalo pang tinakpan ni Carlos ng unan ang mukha, pero maging iyon ay inagaw sa kanya ng dalaga.

“Ano ba!” inis na singhal niya. “Ngayon lang ako nakatulog nang mahimbing, sinisira mo pa!”

“Well, well, well.” Lalo pang ngumisi si Lauren, naupo siya sa gilid ng kama at nakahalukipkip na humarap sa pasyente. “Kasalanan mo kung bakit hindi ka nakakatulog nang maayos, Mr. Grouch. You have a lousy lifestyle. Pero don’t worry, aayusin natin ang buhay mo. Beginning today.” Mabilis niyang inalis ang kumot na tumatakip sa katawan ng binata, dahilan upang mapaightad ito at kaagad na mapaupo.

Pareho silang nagulat sa ginawang iyon ni Carlos.

Pero ang lalaki ang unang nakabawi. Inagaw niya ang kumot at itinakip sa sarili. “Did you bring coffee?”

“Hindi ko alam na kaya mo na palang bumangon nang mabilis.” Sa halip na sagutin ang tanong niya ay iba ang nasabi nito.

“Hindi ko rin alam,” kibit-balikat na sagot niya. “Nagulat rin ako. Dati’y kailangan ko pang tawagin si Manong Johnny para tulungan akong bumangon.”

“Well, that means effective ang presence ko. Kailangan mo lang palang mainis sa akin para makabangon ka, eh,” pagbibiro ng dalaga. “Who knows, baka magawa mo nang lumakad at itaboy ako palabas kapag nagalit ka na nang husto sa akin.”

Natawa si Carlos.

“Thank you nga pala for last night,” napipilitang pagpapasalamat niya nang maalala ang ginawa nito nang nakaraang gabi. Pero kaagad na namula ang kanyang batok at leeg nang tila nakakalokong ngumisi na naman ang dalaga. “You know damn well what I’m talking about.”

“Do I?” lalo pa itong nang-asar. “Hindi mo na alam ang mga sumunod na nangyari nang makatulog ka. You didn’t know na sinamantala ko ang pagkakataon at pinagpasasaan ang matipuno mong katawan.”

“Could you please just call Manong Johnny? I want to get out of here,” nagtitimping iniba ni Carlos ang topic.

“Why? Narito naman ako para tulungan ka. After all, nakita ko na naman ang lahat, wala ka nang—”

“Shut up! Tawagin mo na si Manong Johnny.” Bumalik na ang pagka-authoritative sa tinig ng binata.

Tatawa-tawang tumayo na si Lauren at sumaludo.

“Yes, Sir. Right away, Sir.”

Sasagot pa sana si Carlos, pero naumid ang dila niya nang mapagmasdan in full ang get-up ng dalaga. White short shorts na halos umabot na sa singit, white din na tank top na nagpapakita ng flat nitong tummy, white socks, sneakers na parang ilang buwan nang hindi nalalabhan, at bloody red sweatband na lalong nag-emphasize sa cropped hairstyle nito.

Parang isang model na marahan itong umikot upang lalo pang mapagmasdan ng binata.

“Yan na ba ang bagong uniform ng mga physical therapists ngayon?” matigas ang boses na tanong niya.

“Don’t be silly. I’ve been jogging kanina kaya ganito ang suot ko. And what’s wrong with wearing

shorts?”

“Nothing, kung hindi lang mukhang bikini na sa ikli ‘yang shorts mo,” pagpapamukha niya. “And you forgot to wear a bra.”

“Hindi ko na kailangan ‘yon,” mataray na sagot ng dalaga. “Perfect pa naman ang shape ng dibdib ko, di ba? Or hindi mo napapansin?” Habang nagsasalita ay lalo pa nitong iniliyad ang katawan.

“You’re disgusting,” exasperated na sagot niya. “Tawagin mo na nga si Manong Johnny.”

“No, I’m not.” Pero hindi pa pala tapos si Lauren sa pagtatanggol ng sarili. “I’m just being true to myself. Ano ang masama kung ipakita ko ang kaseksihan ko, eh, seksi naman ako? You’re the one who’s being a hypocrite.”

Hindi na niya hinintay na insultuhin pang muli ng lalaki, mabilis na siyang tumalikod at iniwan itong nakatulala.

Napahugot ng malalim na hininga si Carlos nang mapag-isa. Pilit niyang kinalma ang sarili, pinayapa ang nag-init na katawan at sinikap na ibaling ang concentration sa ibang bagay.

Kung alam mo lang, Lauren, naisip niya habang

nakatingin pa rin sa pinto.

Unang pagkikita pa lang ay matindi na kaagad ang attraction niya para sa dalaga, pero nilabanan niya ito nang husto. Paano ay hindi si Lauren ang tipo ng babae na gusto niyang makasama habang-buhay. Napaka-modern kasi nito, mula sa pagbibihis hanggang sa pag-uugali. Ang pangako niya sa sarili ay isang malinis na babae ang ihaharap niya sa altar, at alam niyang hindi si Lauren iyon. Who knows kung ilang lalaki na ang nakasama nito sa kama?

I'd bet na kulang pa ang mga daliri ko sa paa't kamay, patuloy na kausap niya sa sarili habang parang tuksong naglalaro sa kanyang balintataw ang mukha ng dalaga. Makinis at mala-porselanang kutis, mga matang maamo na tinernuhan ng mahahaba at naturally curly eyelashes, ang matangos at maliit nitong ilong na medyo nakatingala pa ang dulo, at ang mapupula nitong labi na ang korte ay para bang laging manghahalik. Idagdag pa ang pigura nitong balingkinitan at alagang-alaga sa exercise, Lauren had the face of an angel, and the body of a temptress. At nakasisiguro na siyang maraming lalaki na ang nakatikim sa kagandahang iyon.

Ang problema ay kung paano niya lalabanan ang attraction sa dalaga for the next three months.

Lauren was the kind of woman who was not afraid to do what she wanted, at pihadong hindi ito tatanggi kung aayain niya na magtabi sila sa kama.

Di bale sana kung makakaya niyang samantalahin ang pagkakataon at gawin ang noon pa niya gustong gawin dito, ang kaso ay natatakot siya. Hindi pa siya sigurado kung naapektuhan ba ng aksidente ang kakayahan niyang mag-perform sa kama, pero hindi pa niya magawang alamin sa ngayon. Oo nga't he could still feel the urge, pero paano kung hanggang doon lang pala iyon?

“Carlos...” tawag ni Manong Johnny sa nakatulalang lalaki.

Ipinilig ni Carlos ang ulo at sinalubong ang nagtatanong na mga mata ng katiwala. “Manong, pakisamahan na po ako, gusto ko nang magbihis.”

Skin tight white jeans at white din na blouse ang suot ni Lauren nang lumabas ng banyo si Carlos at abutan ang dalaga sa loob ng silid niya. Tinaasan lang niya ito ng kilay, bagaman hindi nakaligtas sa kanyang pansin ang cleavage nitong lalo pang na-expose ng blouse nito.

At least, naka-bra na siya ngayon.

“Bakit na naman?” Tinakpan niya ng pagkainis ang nararamdaman.

“Nakaligo ka na’t lahat, masungit ka pa rin?” natatawang tanong ng dalaga. Pumuwesto siya sa likuran ng wheelchair nito at itinulak iyon palapit sa dressing table.

“Why did you bring me here?” nagtataakang tanong ng binata. “Gusto ko nang bumaba, nagugutom na ‘ko.”

“Mag-shave ka muna,” anito, sabay abot ng pang-ahit sa kanya. “Mukha ka nang kambing sa haba ng balbas mo, nasisira tuloy ang kapogian mo. And your hair, mas mukha ka pang babae kaysa sa ‘kin.”

“Ano naman ang pakialam mo sa hitsura ko? Kasama ba ‘yon sa responsibilities mo bilang physical therapist?”

“Nope. But it’s my job to ensure na laging positive ang outlook mo sa buhay, para mas mabilis kang gumaling. The way you look tells me that you’re full of negative thoughts, and it’s time to change them.”

“I’m perfectly satisfied with the way I look, thank you.” Sinalubong ni Carlos ang tingin ng dalaga sa salamin. “Besides, wala namang makakakita sa akin dito anuman ang maging hitsura ko.”

“Alam mo, bakit ba kailangang lagi kang kumontra, eh, para rin naman sa ‘yo ‘to?” malapit nang maubusan ng pasensya na singhal ni Lauren. “Kung ayaw mong mag-ahit, aahitan na lang kita.” Kinuha niya mula rito ang pang-ahit, inabot ang shaving cream at nilagyan niyon ang baba ng binata.

Akmang ilalapit na talaga niya rito ang razor nang mabilis na inagaw iyon ni Carlos. Tinapunan muna siya nito ng matalim na tingin bago nagsimulang mag-ahit.

“Hihintayin ko na lang kayo sa ibaba, ihahanda ko lang ang breakfast mo.” Parang walang anuman na nagpaalam siya nang masigurong tatapusin nito ang pag-aahit ng balbas.

Tinapunan pa niya ng ngiti si Mang Johnny na tahimik na nanonood lang sa kanila bago lumabas ng silid.

Lauren Dizon, two points!

“Nas’an ang coffee?” ready na naman for battle na tanong ni Carlos nang ilapit ni Manong Johnny ang wheelchair niya sa dining table. Nakaayos na ang breakfast niya: a cup of oatmeal, dalawang pirasong toasted wheat bread, kapiirasong butter at dalawang

saging. Pero walang kape. Sa halip ay baso ng orange juice at isang tasa ng mainit na gatas ang nakita niyang nakahain sa mesa.

“You will not drink coffee from now on,” ani Lauren habang inaahon mula sa kawali ang carrots and mushroom omelet na niluto niya. “Unless makakaya mo nang kunin ‘yung coffee granules from the topmost cabinet.” Itinuro pa niya ang pinagtaguan ng kape.

“Damn you!”

“Thank you. Now, kumain ka na dahil marami pa tayong kailangang gawin.”

“Anong klaseng bedside manners ba meron ka? Wala ka man lang ba ni katiting na malasakit sa pasyente mo?” Halos magngalit na ang mga ngipin niya sa inis, pero parang bale-wala pa rin iyon sa dalaga.

“For your information, wala tayo sa tabi ng kama, so wala akong manners na dapat ipakita sa ‘yo. And I only care for patients who care for themselves, hindi gaya mo na napaka-pessimistic. Ngayon, kung patutunayan mo na gusto mong gumaling at handa kang sumunod sa mga sinasabi ko, then I might just start to care for you.”

“Damn you to hell, Lauren! I’ll have you out of here as soon as possible,” banta ng binata.

“Eat up, Carlos, don’t be a baby. Sinabi ko ba sa ‘yo na hindi mo ‘ko puwedeng tanggalin sa trabaho?”

“And why not?”

“Because you did not hire me. Ang lola mo ang nag-hire sa akin. With your doctor’s approval, of course. And they both agreed na aalis lang ako dito kapag magaling ka na.” Habang nagsasalita ay lihim na pinagkrus ng dalaga ang mga daliri at nagdadasal na sana ay hindi ito magtanong kay Doña Lydia kung totoo nga ang sinasabi niya.

Nanginginig ang mga kamay sa galit na pinilit abutin ni Carlos ang tasa ng gatas at nakasimangot na ininom iyon. Pakiramdam niya ngayon ay isa siyang talunan, para siyang isang bihag na nakagapos at walang puwedeng gawin upang makatakas.

“You should just concentrate on getting better sooner, para mawala na ako sa buhay mo,” dagdag pa ni Lauren habang pinapanood ang atubiling pagkain ng lalaki.

“Give me one month, itataboy na kitang palabas ng bahay ko,” determinadong pahayag ng kausap. Derecho ang tingin niya kay Lauren, at lihim na

Fighting With Destiny - Angela Alfonso

nangiti ang dalaga nang makitang kakaiba na ang kislap ng mga matang iyon. Puno na ng buhay, handa nang lumaban.